

Ano ang mangyayari kapag natapos ka na sa iyong treatment?

What happens after you finish treatment?

Kung iinumina mo ang lahat ng iyong gamot, hindi malamang na magkaka-TB ka muli.

Maaari kang hilinging bumalik sa klinik pagkatapos ng iyong treatment upang imonitor ang iyong kalusugan.

Kung pakiramdam mo na may sakit ka na naman at may mga sintomas ka ng TB, tawagan ang iyong family doctor o klinik upang mag-appointment.

Saan ka makakatawag kung mayroon kang mga katanungan? Where can you call if you have questions?

Sa iyong health care provider:

Tel: _____

BC Centre for Disease Control TB Clinics:

Vancouver TB Services Clinic:
655 West 12th Avenue
604-707-2692

New Westminster:
100-237 Columbia Street East
604-707-2698

www.bccdc.ca



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Extrapulmonary Tuberculosis Extrapulmonary Tuberculosis

Ano ang extrapulmonary tuberculosis (TB)? What is extrapulmonary tuberculosis (TB)?

Ang tuberkulosis (TB) ay dulot ng isang bakteriya na kumakalat sa hangin.

Ang TB ay pinaka-karaniwan sa baga, pero maaari rin nito maapektohan ang anumang bahagi ng katawan. Ang TB sa isang **bahagi ng katawan maliban sa mga baga** ay tinatawag na extrapulmonary TB.

Paminsan-minsan, ang TB ay maaaring sabay na lumabas sa mahigit sa isang bahagi ng katawan.

Pero ang magandang balita ay: **Magagamot ang TB!** Sa British Columbia, libre ang gamot sa TB.

Ano ang mga sintomas ng sakit na extrapulmonary TB? What are the symptoms of extrapulmonary TB disease?

Ang mga sintomas ay depende sa bahagi ng katawan na apektado ng TB:

Bahagi ng katawan	Mga sintomas na maaaring mangyari
glands	mga bukol sa leeg
mga buto	kirot sa mga buto o likod
mga kasu-kasuan	kirot, pamumula, pamamaga
bato	masakit na pag-ihi, malabo ang ihi
utak	mga sakit ng ulo, stiff neck, masakit ikilos ang ulo o mga mata
heart lining	mahirap huminga; maaaring may pananakit sa dibdib

intestines	maaaring sumakit ang tiyan at maaaring magbago ang pagdumi
-------------------	--

Maaaring magkaroon ka rin ng:

- Lagnat
- Pinagpapawisan sa gabi
- Kawalan ng ganang kumain
- Pagbawas ng timbang
- Pagiging mahina o sobrang kapaguran

Paano mo malalaman na ikaw ay may extrapulmonary TB? How do you know you have extrapulmonary TB?

Ang mga TB test ay depende sa bahagi ng katawan na apektado. Tatalakayin ito sa iyo ng iyong health care provider.

Inaabot nang ilang panahon upang lumabas sa mga test ang lahat ng impormasyon.

Paano mo mapapanatiling ligtas ang iyong mga kaibigan, pamilya, at ang iba? How can you keep friends, family and others safe?

Sisiguraduhin ng iyong health care providers na wala ring TB sa iyong mga baga.

Maaaring hilingin kang mag-home isolation nang 2 linggo o mas matagal pa hangga't hindi nalalaman kung may TB isa iyong mga baga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa home isolation, bisitahin ang HealthLink BC:
<http://www.healthlinkbc.ca/healthfiles/hfile/51c.stm>

Paano ginagamot ang extrapulmonary TB? How is extrapulmonary TB treated?

Ang TB ay magagamot gamit ang **mga gamot sa TB**. Ang karamihan ng mga tao ay ginagamot **nang 6 hanggang 9 na buwan. Paminsan-minsan, kailangang mas matagal** dapat inumin ng mga tao ang mga gamot. Mahalaga ang inumin mo ang iyong gamot tulad ng iniutos sa iyo kahit bumuti na ang iyong pakiramdam.

Sasabihin sa iyo ng iyong health care provider kung gaano mo katagal iinumina ang gamot sa TB. Ito'y depende sa kung anong gamot ang ibinibigay sa iyo, kung gaano kahusay nakakaya ng iyong katawan ang gamot, at kung gaano katagal bago gumaling ang iyong katawan.

Hihilingin kang regular na magpunta sa klinik upang makipagkita sa iyong health care provider at kumuha ng karagdagang gamot.

Nagsasagawa ng **mga blood test** upang mamonitor ang iyong kalusugan.